

本署檔號 **Our Ref.** : (21) in L/M (1) of DH SEB CD/8/35/1 Pt.2

22 Abril 2016

Mga dayuhang kasambahay  
Mahal na Ginoo/Ginang,

**Paghikayat sa mga dayuhang kasambahay na Magpabakuna Laban sa  
Tigdas, Beke at Rubella (MMR)**

Ang tigdas ay isang mabilis makahawa at malubhang karamdaman na maaaring makaapekto sa sinumang tao na hindi nabakunahan laban dito. Ang nahawang mga tao ay maaaring magkaroon ng lagnat at pantal na aabutin ng isa hanggang dalawang linggo bago mawala. Sa malalang mga kaso, maaaring madawit ang gitna ng tainga, mga бага at utak tungo sa malubhang mga kapinsalaan o hanggang kamatayan. Ang pagpapabakuna laban sa tigdas ang pinakamabisang hakbang para makaiwas dito. Sa Hong Kong, ang bakuna sa tigdas ay ibinibigay kakumbinasyon ng mga bakuna sa beke at rubella, tinatawag na Measles, Mumps and Rubella (MMR) Vaccine, sa mga bata pagsapit ng isang taong gulang at Primary One\*. Higit 95% ng mga taong ipinanganak sa Hong Kong ay hindi tinatablan ng impeksiyong ito.

Kung hindi ka pa nababakunahan laban sa tigdas, madali kang mahawa ng tigdas at ilipat ang impeksiyon sa mga kaibigan mo at kamag-anak, gayundin sa pinamamasukan mo at kanilang pamilya, laluna sa mga bata na hindi pa nababakunahan.. Upang pangalagaan ang kalusugan mo at ng iyong sambahayan at pigilan ang impeksiyon ng tigdas at pagkalat nito sa komunidad, hinihingi namin ang tulong mo na magpabakuna kung hindi mo pa nagagawa ito, mas mabuti kung bago ka dumating sa Hong Kong. Kung hindi ito maaari, maaari kang sumangguni sa doktor ng pamilya pagdating mo sa Hong Kong. Sa Hong Kong, ang bakunang MMR ay makukuha sa mga pribadong klinikang pangkalusugan.



衛生防護中心乃衛生署  
轄下執行疾病預防及控  
制的專業架構

Ang Sentro para sa  
Pangangalaga ng Kalusugan  
ay isang propesyunal na yunit  
ng Kagawaran ng Kalusugan  
para sa paghadlang at  
pagkontrol sa karamdaman

Karagdagan, ang pagtanggap ng bakunang MMR ay kaya ring pigilan ang impeksiyon ng beke at rubella. Ang impeksiyon ng rubella sa buntis na babae ay maaaring mapanganib para sa kanyang dinadala sa sinapupunan. Pakisangguni ang nakakabit na polyeto para sa higit na kaalaman tungkol sa tatlong impeksiyong ito.



(Dr Vivian CHAN)

para sa Direktor ng Kalusugan

\*Isinama ng Kagawaran ng Kalusugan ang “Varicella Vaccine – First Dose” sa Hong Kong Childhood Immunisation Programme para sa mga batang isang taong gulang simula noong 2 Hulyo 2014. Ang Kagawaran ng Kalusugan ang magbibigay ng “MMRV Vaccine (Measles, Mumps, Rubella & Varicella) – Second Dose” sa Primary One na mga batang nakatanggap ng “Varicella Vaccine – First Dose” at ginagamit ito kapalit ng “MMR Vaccine (Measles, Mumps and Rubella) – Second Dose”

## Ang mga dayuhang kasambahay ay pinapayuhang tumanggap ng bakuna sa tigdás, beke at rubella (MMR)

Ang Sentro para sa Pangangalaga ng Kalusugan ng Kagawaran ng Kalusugan ng Hong Kong ay nagtala ng bahagyang mas mataas na proporsyon ng mga kaso ng tigdás sa mga dayuhang kasambahay noong 2014. Ang impeksiyon sa tigdás ay lubhang nakakahawa at ang malalang viral na impeksiyon ay maaaring makaapekto sa sinumang tao na tinatablan ng impeksiyon. Maaaring ipasa ng nahawang tao ang impeksiyon sa kanyang mga kaibigan at kamag-anak, sa kanilang pinamamasukan at mga pamilya nito, laluna sa mga sanggol na hindi pa tumatanggap ng bakuna. Batid namin na may mga dayuhang kasambahay na hindi tumanggap ng bakuna sa tigdás bago sila dumating sa Hong Kong. Ang Measles, Mumps and Rubella (MMR) Vaccine ay lubhang epektibo upang pigilan ang mga impeksiyon ng tigdás, beke at rubella. Upang pangalagaan ang sarili nila at ibang tao, hinihikayat namin ang mga dayuhang kasambahay na tumanggap agad ng bakunang MMR sa lalong medaling panahon.

### Tigdás

Ang Tigdas ay sanhi ng virus ng Tigdas at kumakalat sa pamamagitan ng maliit na patak o direktang pagdikit sa mga lumalabas sa ilong o lalamunan ng mga nahawang tao, at hindi gaanong pangkaraniwan, sa mga gamit na narumihan ng mga lumabas sa ilong o lalamunan. Ang nahawang mga tao ay unang makakaranas ng panghihina, lagnat, ubo, pamumula ng mga mata at mga puting batik sa loob ng bibig. Susundan ito ng mapupulang pantal sa balat makaraan ang 3-7 araw. Karaniwang kumakalat ang pantal mula sa mukha pababa sa natitirang bahagi ng katawan. Sa malubhang mga kaso, maaaring madawit ang gitna ng tainga, mga baga at utak tungo sa malubhang kapinasalaan o hanggang kamatayan.

### Beke

Ang Beke ay sanhi ng virus ng Beke na nakakaapekto sa mga salivary gland at minsan sa nerve tissue. Kumakalat ito sa pamamagitan ng maliit na patak o direktang pagdikit sa laway ng nahawang tao. Ang sakit ay kakikitaan ng masakit na pamamaga ng mga salivary gland, karaniwan sa pisngi (mga), at lagnat. Minsan, may mga komplikasyon gaya ng pagkabingi, o impeksiyon sa utak. Ang mga kabataan ay maaaring magkaroon ng impeksiyon sa mga bayag o sa mga obaryo, na maaaring makaapekto sa kakayahang magkaanak.



衛生防護中心乃衛生署  
轄下執行疾病預防及控  
制的專業架構

Ang Sentro para sa  
Pangangalaga ng Kalusugan  
ay isang propesyunal na yunit  
ng Kagawaran ng Kalusugan  
para sa paghadlang at  
pagkontrol sa karamdaman

## **Rubella**

Ang Rubella, tinatawag ding “German Measles”, ay sanhi ng virus ng Rubella. Maaari itong mailipat sa pamamagitan ng pagdikit sa mga lumalabas mula sa ilong at lalaugan ng nahawang tao sa pamamagitan ng pagkalat ng maliit na patak o direktang pagdikit sa mga pasyente. Ang mga sintomas ay karaniwang bahagya lamang. Ang mga bata ay karaniwang may lagnat, masakit ang ulo, may kalat na pantal at lumalaki ang mga lymph node sa likod ng mga tainga o sa leeg. Minsan ay walang anumang sintomas. Kabilang sa mga kumplikasyon ang arthritis, thrombocytopenia at encephalitis.

Ang impeksiyon ng Rubella ay nagdudulot ng mga anomalya sa nabubuong similya/sanggol. Ang congenital rubella syndrome (CRS) ay malamang na mangyari sa mga sanggol na ipinanganak ng mga babaeng naimpeksiyon sa panahon ng unang 3 buwan ng pagbubuntis. Ang CRS ay kakikitaan ng pagkabingi, pagkabulag, mga diprensiya sa puso at kakulangan sa pag-iisip.

## **Pagpigil**

Ang MMR vaccine ay epektibo upang mapigilan ang tatlong karamdamang ito. Sa Hong Kong, ang mga bata ay karaniwang binibigyan ng MMR vaccine sa eded na isa, sinusundan ng ikalawang dosis sa Primary One\*. Higit 95% ng mga taong ipinanganak sa Hong Kong ang nakatanggap na ng bakuna. Sa kabila ng mataas na nasasakupang mga bilang, ang mga taong hindi pa nakatanggap ng bakuna ay maaari pa ring magkasakit ng tigas, beke at rubella na lubhang nakakahawa.

Upang mapigilan ang impeksiyon at pagkalat sa komunidad, pinapayuhan namin ang mga dayuhang kasambahay na magpabakuna kung hindi pa nila nagagawa ito, bago sila pumunta sa Hong Kong. Kung hindi ito maaari, maaari silang sumangguni sa doktor ng pamilya pagdating nila sa Hong Kong. Sinuman na may mga sintomas tulad ng sa tigas, beke o rubella ay kailangang kumonsulta agad sa doktor.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa MMR vaccination, pakitingnan ang Family Health Service’s website: [http://www.fhs.gov.hk/english/health\\_info/child/486.html](http://www.fhs.gov.hk/english/health_info/child/486.html)

Sentro para sa Pangangalaga ng Kalusugan  
Kagawaran ng Kalusugan  
Abril 2016

\*Isinama ng Kagawaran ng Kalusugan ang “Varicella Vaccine – First Dose” sa Hong Kong Childhood Immunisation Programme para sa mga batang edad isang taon simula noong Hulyo 2014. Ang Kagawaran ng Kalusugan ang nagbibigay ng “MMRV Vaccine (Measles, Mumps, Rubella & Varicella) - Second Dose” sa mga batang Primary One na nakatanggap ng “Varicella Vaccine – First Dose” at ginagamit ito kapalit ng “MMR Vaccine (Measles, Mumps and Rubella) – Second Dose”.